## Maligayang pagdating sa Hiroshima

Maligayang Pagdating, isang internasyonal na lungsod para sa kultura ng kapayapaan.
Ang Patnubay na aklat na ito ay para sa lahat ng mga dayuhan na naninirahan sa siyudad ng Hiroshima.
Ito po ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa panahon ng kalamidad, biglaang hindi inaasahang pangyayari, iba't ibang pamamaraan at mahahalagang paksa na makakatulong sa pang araw araw na kabuhayan.
Para sa mga hindi nakakaunawa masyado ng Nihongo, sumangguni sa Consultation Counter para sa mga Dayuhan ng Lungsod ng Hiroshima at Aki-gun. (TEL 082-241- 5010).
Inaasahan po namin na kayo po ay magkaroon ng matiwasay na pamumuhay sa Siyudad ng Hiroshima.


Ito ang marka ng Lungsod ng Hiroshima.
Kung makatanggap ng impormasyon na nagtataglay ng ganitong marka, siguraduhing basahin ang nilalaman.

## 1 Numero ng Telepono sa Panahon ng Emergency

### 1 – 1 Sunog, Biglaang Pagkakasakit at Mga Serbisyo sa Pagliligtas Pinsala

Kung mayroong sunog, emergency (biglaang sakit o pinsala),o dili kaya mga Serbisyo sa Pagliligtas Pinsala (kung nangangailangan ka ng saklolo sa panahon ng likas ng kalamidad, atbp) tumawag po sa ambulansya o fire truck numero "119".

**119**



Mangyaring sabihin ang mga sumusunod:
1. Sunog o emergency
2. Sabihin ng malinaw ang address, lokasyon at dahilan ng pagtawag
3. Pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa "119".

Ang paggamit po ng serbisyo ng ambulansya ay libre po huwag pong gamitin ang serbisyo sa mga magagaang sakit
Kung hindi po kayo nakasisiguro kung dapat tumawag ng ambulansya, o pumunta sa ospital, o kung saan ospital pupunta. Tumawag sa Hiroshima Region Urban Area Emergency Consultation Center para makausap ang mga nurse o ibang sinanay na mga propesyonal na tao na may kaalaman sa mediko.

Hiroshima Region Urban Area Emergency Consultation Center
Tel. # 7119 o (082-246-2000). Magbibigay ng payo ang mga nurse.

### 1 – 2 Aksidente sa Daan at Krimen

Kung mayroong aksidente sa daan o krimen, tumawag ng "110".
Mangyaring sabihin ang mga sumusunod.

**110**



1. Kung mayroong aksidente ng mga sasakyan o krimen
2. Kailan at saan
3. Ano ang nangyari
4. Kung mayroong nasaktan na tao
5. Pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa "110"

Kung kayo ay nasugatan at nais na gumamit ng ambulansya, tumawag sa "119".